

Ligtas ba ang ating mang anak sa banta ng droga?




1 Ang pangkat ng edad ng mga gumagamit ng droga ay bumababa




- 📌 Sa kasalukuyan, kabilang sa mga nagkasala ng droga na naganap sa Korea, ay sa edad na 19 taon pababa. Ito ay tumaas nang malaki na higit sa tatlong beses kumpara noong nakaraang limang taon.
- 📌 Wala nang pangkat ng edad na ligtas sa droga.

2 Bakit tumataas ng husto ang bilang ng mga kabataang gumagamit ng droga?



- Hindi tulad noong panahon na ang mga transaksyon sa droga ay kailangang gawin sa pamamagitan ng isang partikular na lugar o tao, ngayon **madali itong gawin sa pamamagitan ng Internet at Sosyal Media.**
- Habang **ang mga salita at video na may kaugnayan sa droga** ay nakalantad sa mga kabataan, parami ng parami ang nagkakaroon ng may kuryusidad.

3 Panganib ng Pinsala sa Droga at Paglahok sa Kriminal



Ang mga kabataan habang lumalaki ay nagiging sensitibo sa mga droga, at nagdudulot ng **mas maraming pisikal at mental na pinsala kaysa mga matatanda**. Mas mabilis ma-adik.

Halimbawa: pagkasira ng memorya at kakayahan sa pag-iisip, agresibong disposisyon, kasinungalingan, pag-iiba ng ugali at iba pa.

Ang pag bibinata/pagdadalaga ay lubhang naiimpluwensyahan ng kultura ng mga kasamahan, kaya ito ay direktang nakakaa-pekto sa mga kaibigan at **pinatataas ang pangangib ng pagka-kasangkot sa krimen**.

Patuloy na tumataas ang krimen sa droga laban sa mga kabataan.

4 Ang masinsinang pag-iiwas ay ang pinakamahusay na patakaran

- Ang **pag-iiwas** ay isang **pangunahing priyoridad** kung gusto mong maging ligtas mula sa banta ng mga droga.
- Mangyaring bigyang pansin ang inyong manga anak sa bahay upang maiwasan silang malantad sa droga o krimen.



Serbisyo sa pagpapayo at institusyong pang edukasyon.



✓ Korea Anti-Drug Headquarters : 1899-0893

- Maaring bisitahin ang 13 lokal na sangay ng lungsod/lalawigan sa buong bansa, magsulat, mag e-mail at magpakonsulta sa telepono.
- Pag pagamot sa Institusyong Medikal



Pagpapaospital, paggamot sa outpatient at mga institusyon ng pagpapayo



- ✓ Mga ahensya ng paggamot at proteksyon sa local na komunidad.
- ✓ Integrated Addiction Management Support Center



Mga materyales na pang edukasyon sa pag-iwas sa narcotics para sa mga estudyante o mga mag-aaral



- ✓ Sentro ng impormasyon sa kalusugan ng mga estudyante/mag-aaral : <https://schoolhealth.kr>



Ahensya ng pagrereport ng krimen sa droga

- ✓ Pulis: 112
- ✓ Taga-usig/Prosekyutor: 1301

- ※ Ang lahat ng personal na impormasyon ay mahigpit na pinananatiling kumpidensyal sa panahon ng mga konsultasyon sa pagpapayo, edukasyon at mga institusyon ng paggamot.
- ※ Ang pagpapayo ay magagamit hindi lamang para sa iyong sarili, kundi pati na rin para sa iyong pamilya at mga tao sa paligid mo.